Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan
MGA PAMPALAKAS NA DOSIS

Para makita ang mga ito at iba pang Mga Kadalasang Katanungan (FAQs) sa bakuna online, bisitahin ang webpage ng bakuna sa COVID-19.

Para kanino inirerekomenda ang mga dosis ng pampalakas na bakuna sa COVID-19?

Para sa pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19, inirerekomenda ng CDC na lahat ng edad 5 pataas ay *dapat* na kumuha ng isang pampalakas (booster) na dosis. Dagdag pa dyan, ang ilang tao ay dapat na kumuha ng ika-2 pampalakas na bakuna. (Tingnan ang *Sino ang maaaring kumuha ng ika-2 pampalakas na bakuna*? sa ibaba).

Ang pagkuha ng pampalakas ng bakuna sa COVID-19 ay mahalaga dahil pinalalakas nito ang inyong imyunidad. Bibigyan ka nito ng mas mahusay na proteksyon mula sa malubhang pagkakasakit, pagkakahospital, at kahit pagkamatay.

Tingnan ang mas marami pa sa CDC webpage na Mga Pampalakas na Bakuna sa COVID-19.

Kailan ako kwalipikado na tumanggap ng pampalakas na dosis?

Kung ikaw ay edad 5 pataas, ikaw ay kwalipikado para sa pampalakas na dosis:

- 5 buwan pagkatapos ng huling dosis ng iyong pangunahing serye ng bakunang Moderna o Pfizer.
- 2 buwan pagkatapos ng isahang dosis ng bakunang Johnson & Johnson (J&J).

Kung ikaw ay 18 taon pataas, ang pampalakas na dosis ay maaaring alinman sa bakuna sa COVID-19, ngunit mas pinipili ang Pfizer o Moderna. Ang mga batang edad 12-17 ay maaari lamang kumuha ng pampalakas na bakunang Pfizer.

Kung ikaw ay may banayad o malubhang mahinang imyunidad, dapat kang kumuha ng iyong pampalakas na dosis sa lalong madaling panahon. Tingnan ang CDC webpage Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may Banayad o Malubhang Mahinang Imyunidad para malaman pa ang mas marami.

Kung hindi mo pa nakukuha ang iyong unang pampalakas na dosis at ito ay nakatakda na, ngayon ang oras para kumuha ng iyong pampalakas na bakuna (booster).

Bisitahin ang CDC Interaktibong Pagkuha ng iyong Pampalakas na Bakuna sa COVID-19 na kasangkapan upang tumulong na matukoy kung ikaw (o iyong anak) ay makakakuha ng isa o mas marami pang mga pampalakas na bakuna sa COVID-19.

Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.

Sino ang maaaring kumuha ng pangalawang pampalakas na dosis?

Ang mga sumusunod na tao ay kwalipikadong kumuha ng ika-2 dosis ng pampalakas na bakuna sa COVID-19 *kung ito ay hindi bababa sa 4 na buwan* mula sa kanilang ika-1 pampalakas na bakuna. Ito ay yong mga:

- Edad 50 pataas
- Edad 12 pataas na may banayad o malubhang mahinang imyunidad
- Edad 18-49 na tumanggap ng J&J para sa kanilang parehong pangunahing dosis at pampalakas na dosis

Kung ikaw ay edad 50 pataas o kung ikaw ay edad 12 pataas na may banayad o malubhang mahinang imyunidad (at 4 na buwan na ang lumipas mula sa iyong unang pampalakas na bakuna) **dapat** kang kumuha ng iyong ika-2 pampalakas na bakuna ngayon upang manatiling napapanahon sa iyong mga bakuna sa COVID-19. Mahalagang tandaan na ang mga bilang ng COVID-19 ay tumataas, at ikaw ay nasa mas mataas na panganib na magkasakit nang malubha kung ikaw ay magkakaroon ng COVID-19.

Kung ikaw ay edad 18-49 at ikaw ay tumanggap ng J&J para sa pareho mong pangunahing dosis at pampalakas na

dosis (at 4 na buwan na ang nakalipas mula sa iyong unang pampalakas na bakuna), **maaari** kang kumuha ng ika-2 pampalakas na bakuna. Ang pangalawang dosis ng pampalakas na bakuna ay hindi inaatas para ituring na napapanahon. Kung ikaw ay nasa mas mataas na panganib na magkasakit mula sa COVID-19, kumuha ng iyong ika-2 pampalakas na bakuna ngayon. Kung ikaw ay malusog at may limitadong mga pagkakalantad sa iba, saka mo maaaring ikonsidera ang maghintay.

Tingnan ang CDC webpage Mga Pampalakas na Bakuna sa COVID-19 para sa mas marami pang impormasyon.

Bisitahin ang CDC Interaktibong Pagkuha ng iyong Pampalakas na Bakuna sa COVID-19 na kasangkapan upang tumulong na matukoy kung ikaw (o iyong anak) ay makakakuha ng ika-2 pampalakas na bakuna.

Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.

Kailan ako dapat kumuha ng pangalawang pampalakas na dosis?

Kung ikaw ay nasa isa sa mga grupo na maaaring kumuha ng ika-2 pampalakas na bakuna, maaari mong piliin na kunin na ito ngayon o maghintay. Ikonsidera ang iyong sitwasyon at ang mga panganib at benepisyo. Maaari kang tulungan ng iyong doktor na repasuhin ang iyong mga opsyon. Hindi mo kailangan ng ika-2 pampalakas na dosis para maturing na napapanahon sa iyong mga bakuna sa COVID-19 sa oras na ito.

May ilang mga kadahilanan na ginagawang mas malamang na ikaw ay malubhang magkasakit mula sa COVID-19. Kung ikaw ay kwalipikado para sa pangalawang pampalakas na bakuna, maaaring nakakatulong na kunin na ito *ngayon* kung ikaw ay (o kung ang taong kasama mong naninirahan ay):

- May banayad o malubhang mahinang imyunidad
- Mas malamang na malubhang magkasakit mula sa COVID-19
- Mas malamang na malantad sa COVID-19 sa pamamagitan ng iyong trabaho, kung saan ka naninirahan, o iba pang mga kadahilanan (tulad ng paglalakbay nang madalas o pakikilahok sa malalaking pagtitipon)
- Nasa isang lugar na may marami hanggang sa mataas na mga antas ng transmisyon ng COVID-19
- Kung ang taong kasama mong naninirahan ay hindi pa nabakunahan

Maaari mong ikonsidera na *maghintay* para kumuha ng ika-2 pampalakas na bakuna kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng COVID-19 sa loob ng nakalipas na 3 buwan
- Malusog at mayroong limitadong pagkakalantad sa iba

Tingnan ang CDC webpage na Pagkuha ng ika-2 Pampalakas na Bakuna sa COVID-19 para sa mas marami pang impormasyon. Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.

Ano ang mga panganib ng pagkuha ng pampalakas na bakuna?

Ang mga reaksyon pagkatapos ng mga pampalakas na dosis ay katulad din ng pagkatapos ng pangunahing mga dosis. Karamihan sa mga epekto ay banayad hanggang katamtaman at tumatagal ng 2 araw o mas maikli pa. Tulad din ng pangunahing serye, ang malulubhang epekto ay bibihira. Para sa mas marami pang detalye, bisitahin ang CDC webpage Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19. Ang mga benepisyo ng pagkuha ng pampalakas na dosis ay mas matimbang sa anumang nalaman at potensyal na mga panganib.

Kakailanganin ko bang magpakita ng isang talaan ng doktor (doctor's note) o reseta para makakuha ng pampalakas na dosis?

Hindi, hindi mo kailangan ng isang talaan ng doktor o reseta para makakuha ng pampalakas na dosis. Maaari mong patunayan ng iyong sarili (sariling pag-uulat) kung ikaw ay kwalipikado. Kapag pumunta ka sa lokasyon, magdala ng

patunay ng pagpapabakuna tulad ng iyong puting tarheta ng CDC o digital na rekord sa pagpapabakuna. Bisitahin ang webpage na Paano Mababakunahan ng Pampublikong Kalusugan para sa mas marami pang impormasyon.

Saan ako maaaring kumuha ng mas maraming impormasyon?

- Para ilimbag (print) o tingnan ang Mga Madalas na Katanungan (FAQ o FAQs) sa iba pang mga paksa ng bakuna sa COVID-19, iiskan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang Mga Madalas na Katanungan (FAQs) sa Bakuna sa COVID-19.
- CDC webpage Mga Dosis ng Pampalakas ng Bakuna sa COVID-19
- VaccinateLACounty.com – kabilang ang Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19 na may mga larawan (graphics) para ipakita kung kailangan ang bawat dosis ay nakatakda at impormasyon sa Paano Mababakunahan.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.